

TRELLISING O PAGBABALAG

Mga kagamitan sa pagbabalag:

- Bamboo poles o bikal na may taas na tatlong (3) metro
- Alambre na gauge 14
- Blue or black twine



PAGKONTROL NG DAMO

- Manual weeding
- Pag-araro sa gulang na isang buwan pagbaba
- Paggamit ng herbicide kung masyadong makapal ang damo

PAGPUKSA SA SAKIT AT KULISAP

Ang araw-araw na pagbisita sa tanim ay isang magandang pag-usisa sa mga sakit at peste ng halaman. Pitasin ang mga bungang may sira at uod. Sa panahon ng pamumulaklak nagsisimula itong mag-imbiba ng mga insekto lalo na ang mga "fruitfly" dahil sa bango ng bulaklak. Gumamit ng tamang pesticide na naaayon sa sakit at peste na makikita sa gulayan. (Halimbawa: levycid para sa mga pesteng "fruitfly", ito ang mga pangunahing insekto na naninira sa bunga ng ampalaya).

Reprinted by:

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Elliptical Road, Diliman, Quezon City

PAG-AANI

Mula 45 araw pagkatanim ay maaari ng mag-ani kada 4-5 na araw. Pinakamainam na oras ng pag-aani ay 5:00-7:00 ng umaga. Gumamit ng gunting sa pagpitas at "fruit crates" sa paghakot sa mga naaning bunga papunta sa sorting area para maiwasan ang pagkasira ng pisikal na anyo ng bunga.

TAMANG PAGPILI AT PAG-IMPAKE

I-empake ang mga bunga ayon sa sukat o laki (primera, segunda at tersera) na may sampung kilo bawat supot bago idala at ibenta sa palengke.

Pinagkunan ng Teknolohiya:

Pampanga Agricultural College
Magalang, Pampanga

Nagsaayos at nagprodyus:

Regional Applied Communication Office
Central Luzon Agriculture and Resources Research and
Development Consortium (CLARRDEC)
Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Philippine Council for Agriculture and Aquatic Forestry and
Natural Resources Research and Development
(PCAARRD)
Los Banos, Laguna

Copyright@2012 by
Central Luzon Agriculture and Resources Research
and Development Consortium (CLARRDEC)
Central Luzon State University
Science City of Muñoz
Nueva Ecija 3120



ISSN 1655-2202
CLARRDEC Leaflet 2011 No. 1



AMPALAYA

(Balanseng paggamit ng organiko
at inorganikong pataba)



AMPALAYA (BALANSENG PAGGAMIT NG ORGANIKO AT INORGANIKONG PATABA)

PANIMULA

Ang "ampalaya" (*Momordica charantia*) ay isa sa napakahalaga at masustansiyang gulay na itinanim ng mga magsasaka. Ito ay isang tropical at subtropical na halaman na kapamilya ng *Cucurbitae*. Ang mga bunga nito ay kilala sa pagkakaroon ng mapait na lasa dahil nagtataglay ito ng *momordicin*. Gamot ito para sa mga taong "anemic" dahil sa katangian nitong nakapagdadagdag ng dugo sa katawan. Mayroon itong makulubot na balat at mapait na lasa.

LUPANG PAGTATANIMAN

Ang ampalaya ay dapat itanim kung saan may sapat na patubig at ang lugar ay hindi dapat binabaha ng tatlong araw. Ang lupa ay kailangang buhaghag at mataba.

PAGPUPUNLA

- Gumamit ng seedling tray na mayroong 128 na butas
- Maghalo ng top soil, organikong pataba at carbonized rice hull sa ratio na 1:1:1
- Punuin ang butas ng tray ng hinalong lupa
- Magtanim ng isang buto bawat butas
- Diligin araw-araw ang mga punla
- 10-15 araw pagkatanim ay maaari ng ilipat ang punla sa taniman.



PAGHAHANDA NG LUPANG PAGTATANIMAN

- Pagkatapos gapasin ang palay ihanda ang tudling (plowing & harrowing). Ibuhos at ikalat ang organikong pataba sa tudling, tatlong araw bago magtanim.
- Gumamit ng silvery gray plastic mulch



- Butasan ang plastic mulch sa gitna, 0.70 metro ang distansya kada butas.



- Lagyan ng istik ng kawayan o lupa ang gilid ng plastic mulch kada isang metro upang lumapat sa lupa at hindi matanggal.

PAGLILIPAT-TANIM

Maaari ng ilipat ang mga punla 10-15 araw pagkatanim. Ang pagitan ng tanim ay 0.70 m x 4 m.



PAGPAPATUBIG

Ang pagpapatubig ay depende sa klase ng lupa at panahon. Magpatubig dalawang beses kada linggo sa panahon ng tag-init at sa pamimitas ng bunga. Ang pagpapatubig ay maaaring "drip method" o "furrow irrigation".

PAGPAPATABA

Mahalagang maipasuri ang lupa (soil analysis) upang malaman ang rekomendasyon sa dami ng abonong gagamitin. Ang pag-aabono ay maaaring ilagay na "granular o nilusaw sa tubig.

ARAW NG PAG-AABONO	URI NG PATABA	DAMI
3 araw bago magtanim	organikong pataba	12 bags
	14-14-14	1 bag
	calcium nitrate	1/2 bag
15 araw-5 buwan (kada 7 araw)	foliar fertilizer	5 tsp/16 L
3,6,9,12,15,18 & 21 araw	calcium nitrate	150 g (tunawin sa 16L na tubig)
18,21,26 & 31 araw	calcium & complete	300 g (tunawin sa 16L na tubig)
35 araw	complete & urea	1/2 bag complete & 1/2 bag urea
50 araw-5 buwan (kada 2 ani)	complete & urea	1/2 bag complete & 1/2 bag urea